

Sinusuportahan na Pagtatrabaho – Indibidwal

Code ng Serbisyo ng NFOCUS

Indibidwal na Suporta sa Pagtatrabaho para sa TBI 2207

Pagpapakahulugan ng Serbisyo

Sinusuportahan na Pagtatrabaho – Indibidwal ay isang serbisyo para sa mga kalahok ng HCBS Traumatic Brain Injury (TBI) Waiver. Nagbibigay ito ng isa sa bawat isa na suporta para sa isang kalahok upang mapanatili ang kanilang kasalukuyang trabaho.

Ang mga serbisyo ay naglalayong tulungan ang mga kalahok na matupad ang personal na itinakda nilang mga tunguhin para sa pag-aayos ng mga kasanayan na may kaugnayan sa trabaho, pagbuo ng isang kalipunan ng positibong likas na mga suporta, at pagtupad sa kanilang mga tunguhin sa karera. Ang resulta ng serbisyong ito ay ang pagpapatuloy ng naitatag na bayad na trabaho, sa isang pinagsama-samang palakad sa pangkalahatang manggagawa, lalo na sa mga lugar ng trabaho kung saan ang mga taong walang kapansanan ay may trabaho.

Mga Kondisyon ng Pagbibigay

- A. Ang pangangailangan para sa serbisyong ito ay dapat na matukoy sa panahon ng pagsusuri ng kalahok at isama sa plano ng kalahok na nakasentro sa tao (PCP).
- B. Dapat idokumento ng PCP:
 - 1. Ang pangangailangan para sa Sinusuportahan na Pagtatrabaho – Indibidwal na serbisyo;
 - 2. Ang mga dahilan upang ipagpatuloy ang suporta sa pagtatrabaho;
 - 3. Ang bilang ng mga oras ng serbisyo na kailangan; at
 - 4. Ang nakasulat na plano ng mga kinalabasan para sa pagbawas at pagwawakas ng serbisyo.
- C. Ang mga tagapagbigay ay hindi maaaring magbigay ng mga serbisyo sa higit sa isang kalahok nang sabay-sabay maliban na kung iba ang nakasaad sa PCP ng kalahok.
- D. Ang tagapagbigay ay may pananagutan sa paglikha ng buwanang mga ulat ng buod na naglalaman ng pag-unlad, o kakulangan ng pag-unlad, at paglipat patungo sa malayang trabaho nang walang suporta. Ang tagapagbigay ay dapat gumawa ng mga ulat na naa-access sa Tagapag-ugnay ng Serbisyo.
- E. Hindi bababa sa isang buwan, susubaybayan ng Tagapag-ugnay ng Serbisyo at ng kalahok ang PCP ng kalahok. Kabilang dito ang pagsubaybay sa paggamit o hindi paggamit ng mga serbisyo ng waiver.
- F. Ang personal na pangangalaga at tulong sa mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay o ADLs ay hindi bahagi ng serbisyong ito.
- G. Ang gawaing boluntaryo ay hindi bahagi ng serbisyo.
- H. Ang mga serbisyo ay ibinibigay sa lugar ng nakikipagkumpitensyang pinagsamang trabaho ng kalahok.
 - 1. Ang mga lokasyon ay dapat na hindi partikular sa kapansanan at matugunan ang lahat ng pederal na pamantayan para sa mga setting na nakabatay sa bahay at pamayanan.
 - 2. Ang serbisyong ito ay hindi maaaring maganap sa mga lisensyado na pasilidad, o anumang uri ng pasilidad na pagmamay-ari o pinaupa, pinamamahalaan, o kinokontrol ng isang tagapagbigay ng iba pang mga serbisyo ng Medicaid waiver.
 - 3. Maliban na lamang kung ang suporta ay upang mapanatili ang isang pasadyang negosyo sa bahay.
- I. Kabilang sa serbisyong ito ang mga gawain na kinakailangan upang mapanatili ang bayad na trabaho ng kalahok at idinisenyo upang mapanatili o mapaunlad ang trabaho.
- J. Ang isang kalahok ay dapat na bayaran sa o sa itaas ng minimum na suweldo, ngunit hindi mas mababa sa karaniwan na suweldo at antas ng mga benepisyo na binabayaran ng employer para sa parehong o katulad na trabaho na ginanap ng isang tao na walang kapansanan.

1. Ang kita mula sa pinasadya na naka-base sa bahay na negosyo ng isang kalahok ay hindi kinakailangan upang tumugma sa mga kinakailangan sa minimum na suweldo ng iba pang trabaho.
- K. Ang serbisyong ito ay maaaring gamitin upang isangguni ang kalahok sa isang kalipunan ng trabaho na nagbibigay ng pagpapalano ng mga benepisyo tulad ng:
 1. Ticket para sa Trabaho;
 2. Serbisyo ng Pagpapalano at Tulong sa Insentibo sa Trabaho o Work Incentive Planning and Assistance (WIPA); at
 3. Iba pang kwalipikadong programa ng serbisyo sa trabaho,
- L. Ang Sinusuportahan na Pagtatrabaho – Indibidwal ay maaaring aprubahan kasabay ng Pagkonekta sa Komunidad at Suportadong Pagtatrabaho – Pagsubaybay, ngunit hindi maaaring ibigay at singilin ang mga serbisyong ito nang sabay.
- M. Ang serbisyong ito ay hindi awtorisado sa mga oras ng klase na itinakda ng lokal na distrito ng paaralan para sa mga kalahok na karapat-dapat sa mga serbisyong pangpaaralan.
 1. Ang limitasyong ito ay kabilang ang lahat ng mga programang pampubliko ng edukasyon na pinondohan sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA).
 2. Ang mga regular na oras ng klase at araw ng pagpasok ay naaangkop sa isang kalahok na tumatanggap ng pag-aaral sa bahay.
- N. Para sa mga kalahok na may edad 18 hanggang 21 taong gulang, ang dokumentasyon ay dapat na panatilihin sa file ng kalahok na nagsasabi na ang serbisyo ay hindi magagamit sa ilalim ng isang programa na pinondohan sa ilalim ng seksyon 110 ng Rehabilitation Act of 1973 (Vocational Rehabilitation Services) o ang IDEA (20 U.S.C. 1401 at sumunod). Ang dokumentasyon ay dapat maglakip na ang kalahok ay nasa listahan ng mga naghihintay ng Serbisyo pang Bokasyonal na Rehabilitasyon, at ang serbisyo ay hindi magagamit dahil sa listahan ng mga naghihintay ng programa.
- O. Ang pinansiyal na paglahok ng pederal ay hindi maaaring hingin para sa mga pagbabayad ng insentibo, mga subsidiyo, o mga hindi kaugnay na gastos sa bokasyonal na pagsasanay tulad ng:
 1. Pagbabayad na ginawa sa isang tagapag-empleyo upang hikayatin o subsidyuhan ang paglahok ng tagapag-empleyo sa isang sinusuportahang programa sa pagtatrabaho;
 2. Pagbabayad na ipinapasa sa mga gumagamit ng sinusuportahang mga programa sa pagtatrabaho; o
 3. Pagbabayad para sa pagsasanay na hindi direktang nauugnay sa sinusuportahan na pagtatrabaho na programa ng isang kalahok.
- P. Ang Sinusuportahan na Pagtatrabaho – Indibidwal ay maaaring ibigay ng isang kamag-anak, ngunit hindi ng isang tao na may legal na pananagutan sa kalahok.
- Q. Ang serbisyong ito ay hindi maaaring magpapang-abot, pumalit, o magdoble ng iba pang katulad na serbisyo na ibinibigay sa pamamagitan ng Medicaid state plan, ibang HCBS waiver na mga serbisyo, o Bokasyonal na Rehabilitasyon.
- R. Ang isang kalahok ay kailangang isangguni para sa mga serbisyo ng pang Bokasyonal na Rehabilitasyon bago mapahintulutan ang serbisyong ito ng TBI Waiver.

Mga Kinakailangan para sa Tagapagbigay

- A. Ang lahat ng mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa waiver ay dapat:
 1. Maging isang tagapagbigay ng Medicaid;
 2. Sumunod sa lahat ng naaangkop na mga titulo ng Nebraska Administrative Code at Pang Estadong Batas ng Nebraska;
 3. Sumunod sa mga pamantayan na inilarawan sa Kasunduan ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Sangay ng Medicaid at Pangmatagalang Pangangalaga;
 4. Kumpletuhin ang mga pagsasanay sa DHHS sa kahilingan; at
 5. Gamitin ang pangkalahatang mga pag-iingat.
- B. Ang mga tagapagbigay ng TBI Waiver ay dapat na makumpleto ang DHHS-aprobadong pagsasanay sa TBI bago magbigay ng Sinusuportahan na Pagtatrabaho - Indibidwal.
- C. Mga Tagapagbigay ng Sinusuportahan na Pagtatrabaho - Indibidwal ay dapat makakuha ng sapat na impormasyon tungkol sa mga medikal at personal na pangangailangan ng bawat kalahok at obserbahan at iulat ang lahat ng mga pagbabago sa Tagapag-ugnay ng Serbisyo.

- D. Ang tagapagbigay ay maaaring isang indibidwal o ahensiya.
- E. Ang bawat ahensiya na tagapagbigay ay dapat:
 - 1. Mag-employo ng mga tauhan batay sa kanilang mga kwalipikasyon, karanasan, at napatunayang kakayahan;
 - 2. Magbigay ng pagsasanay upang matiyak na ang mga kawani ay kwalipikado upang magbigay ng kinakailangang antas ng pangangalaga;
 - 3. Sumang-ayon na ibigay ang mga plano sa pagsasanay sa DHHS; at
 - 4. Tiyakin ang sapat na availability at kalidad ng serbisyo.
- F. Ang tagapagbigay ng serbisyong ito ay dapat:
 - 1. Kumpletuhin ang lahat ng mga kinakailangan sa pagpapatala ng tagapagbigay.
 - 2. Maglaan ng pagsasanay upang matiyak na ang mga kawani ay kwalipikado upang magbigay ng kinakailangang antas ng pangangalaga.
 - 3. Sumang-ayon na ibigay ang mga plano sa pagsasanay sa Kagawaran.
 - 4. Tiyakin ang sapat na availability at kalidad ng serbisyo.
- G. Ang lahat ng kawani na nagbibigay ng serbisyong ito ay dapat magkaroon ng kinakailangang edukasyon at karanasan, at magbigay ng katibayan kapag hiniling:
 - 1. Bachelor's degree o katumbas na kurso/pagsasanay sa edukasyon, sikolohiya, gawaing panlipunan, sosyolohiya, mga serbisyong pantao, o isang kaugnay na larangan; O
 - 2. Magkaroon ng apat o higit pang taon ng propesyonal na karanasan sa pagbibigay ng mga serbisyong habilitative para sa mga taong may Pang-isipan o iba pang mga kapansanan sa pag-unlad (IDD), o sa pagsusulat ng mga programang habilitative at pagkuha/pagsusuri ng datos na programa, o apat o higit pang taon ng karanasan sa buhay sa pagtuturo at pagsuporta sa isang indibidwal na may IDD; O
 - 3. Magkaroon ng anumang kumbinasyon ng edukasyon at karanasan na tinukoy sa itaas na katumbas ng apat na taon o higit pa.
- H. Ang isang tagapagbigay ng Sinusuportahan na Pagtatrabaho - Indibidwal ay hindi maaaring maging tagapag-employo ng kalahok na tumatanggap ng serbisyo.

Mga Singil

- A. Mga Bayad para sa Sinusuportahan na Pagtatrabaho - Indibidwal na serbisyo ay itinatag ng DHHS at maaaring magbago taun-taon.
- B. Sinusuportahan na Pagtatrabaho - Indibidwal ay binabayaran batay sa oras na yunit.
- C. Kapag ang serbisyo ay ibinibigay sa isang lugar ng trabaho kung saan ang mga taong walang kapansanan ay nagtatrabaho, ang bayad ay ginagawa lamang para sa mga adaptasyon at pagtuturo na kinakailangan ng kalahok dahil sa kanilang kapansanan.
 - 1. Hindi ito kasama ang bayad para sa mga aktibidad ng pangangasiwa na isinagawa bilang isang normal na bahagi ng palakad ng negosyo.
 - 2. Ang tagapag-employo ay nananatiling responsable para sa lahat ng karaniwan at pang-araw-araw na usapin sa trabaho.
- D. Hindi maaaring gamitin ang mga pondo ng waiver upang magbayad o madagdagan ang suweldo ng isang kalahok.
- E. Ang transportasyon na kinakailangan sa panahon ng paglalaan sa Sinusuportahan na Pagtatrabaho - Indibidwal ay kasama na sa bayad.
- F. Ang transportasyon papunta at mula sa lugar ng trabaho ay hindi kasama sa bayado.